

✂ Para sa mga **bata at magulang** na may **banyagang pagkakakilanlan** o “**foreign roots**”

# Lifeplan

## Guide Book



Inilathala ng Gifu International Center



# Nilalaman

- P1 . . . . Panimula
- P2 . . . . Pag- isipan at gumawa ng “Lifeplan”
  - Life Stages
- P3 . . . . Sistema ng Edukasyon sa Japan
  - Mga Gastusin sa Pag-aaral
  - Educational Funds • Grants
- P6 . . . . Employment Status at Pagtatrabaho
- P7 . . . . Pagkakaiba ng Regular na Empleyado at Irregular na Empleyado
  - Pagkakaiba sa Suweldo
  - Bakit hindi maganda ang magtrabaho ng hindi regular na Empleyado
- P8 . . . . Mga Interview sa Nag-aaral at Nagtatrabaho
- P12 . . . . Mga Dapat Malaman ng mga Taong Naninirahan sa Japan tungkol sa Social Security System
- P15 . . . . Impormasyon sa Trio-Phone (interpreter)

# Para sa mga Mambabasa

---

Ang bawat tao ay may pangarap na nais matupad para sa sarili. Maging dayuhan man o Hapon, may pangarap tayong inaasam para sa kinabukasan. Ngayon, ano ang magagawa natin upang matupad ang mga pangarap ng mga batang puno ng posibilidad?

Ang sagot, mag- set ng maayos na ‘Lifeplan’ upang mapaghandaan ang kanilang kinabukasan.

Ang ‘Lifeplan’ ay maaari rin tawaging isang blueprint ng buhay. Kung gumawa ng Lifeplan, maaaring mapaghandaan ang mga “malalaking pangyayari sa buhay” tulad ng pagpasok sa paaralan, trabaho, pag-aasawa, panganganak, atbp. Mawawala ang pag- aalala at pagka- bahala kung mapagplanuhan at mapaghandaan ang mga ito.

Kung gagawa ng “Lifeplan”, kinakailangang wastong alamin ang halaga ng mga gastusin para sa mga life events at paano makaka- ipon ng pondo para dito. Importante din na sama- samang pag- isipan o pagplanuhan ito. Hindi ba’t mas malinaw tignan ang hinaharap ng anak kapag nakagawa na ng planong pinansyal para sa kanya?

Nalikom sa aklat na ito ang mga pundamental na impormasyong kakailanganin para sa pagplano ng mga mangyayaring life event ng anak, at para sa paggawa ng Lifeplan at planong pondo para dito.

Ikagagalak namin kung gagamitin ng mga magulang ang aklat na ito upang pag- isipan, kasama ng anak, ang Lifeplan upang makamit ang mga pangarap ng kanilang anak.



# Pag-isipan at gumawa ng "Lifeplan" para sa inyong anak

## ●Bakit kinakailangan gumawa ng "Lifeplan"?

Ang "Lifeplan" ay plano sa buhay at career na naglalarawan kung anong klase ng hinaharap ang nais mangyari.

Malalaman kung ano ang dapat gawin upang makamit ang mga mithiin at maging realidad ang mga pangarap kapag konkretong pag-iisipan at huhulmahin ang plano para sa kinabukasan sa halip na magkaroon lamang ng malabong plano para dito. Kahit na walang katapusan ang posibilidad para sa hinaharap, ang oras at pera na gugugulin ay may hangganan. Ito ang dahilan kung bakit kailangan gumawa ng sariling plano sa buhay upang epektibong gamitin at hindi maaksaya ang limitadong oras at pera natin.

Gumawa ng Lifeplan habang isinasa- alang- alang ang mga importanteng yugto sa sariling buhay at ng pamilya.

[Ano ang gustong gawin sa anong edad?], [Kailan at ano ang gustong gawin sa Kasal • Pagkakaroon ng anak?], [Saan at paano mo gustong gugulin ang iyong pagtanda?] atbp. Iba-iba ang pamamaraan sa buhay ng bawat tao, ngunit mayroon mga bagay na pareho sa lahat tulad ng mga importanteng panahon sa buhay tulad nito.

## ■Life Stages

Tignan ang mga nakasulat na importanteng yugto sa paglaki, na kakailanganin sa paggawa ng Lifeplan.

### Stages of Growth

#### Pre-school

Paggawa ng pundasyon para sa daily habit, pagpasok sa nursery school o kindergarten, pakikipaghalubilo sa mga tao maliban sa mga magulang, at matutunan makipagkapwa- tao.

#### Elementarya

Paglinang sa kakayahang mabuhay, pagusbongin ang pundasyon ng abilidad sa pag- aral at matutunan makipag- kapwa tao sa loob ng grupo.

#### Junior HS

Ito ang panahon ng pagbuo ng sariling identity (o self- affirmation), ngunit ito din ang panahon na madaling magkaroon ng Inferiority Complex.

#### Senior HS

Magkaroon ng kinakailangang kaalaman at karanasan upang maging independent; pag-iisip ng gagawing trabaho sa hinaharap o ng gustong gawin at pagpili ng tatahaking landas.

#### University/College Vocational Student

Paghiwalay mula sa mga magulang at layunin magsarili. Mag-aral sa unibersidad para sa espesyalidad at makakuha ng mas maraming kaalaman. Madadagdagang ng mga 2~ 5 taon para sa post- graduate program.

#### Paghahanap ng Trabaho

Pinansyan na independent mula sa magulang. Isang malaking pagbabago sa araw-araw na pamumuhay. Isipin ang plano sa hinaharap upang magkaroon ng buhay na may kabuluhan.

### Ang Sistema at mga dapat isa- isip

Hindi masyadong magastos dahil ito ay "Compulsory Education Period"  
Mag-ipon upang magkaroon ng pondo para sa hinaharap

- Health Check- up at Pagbakuna ng sanggol o bata
- Pagsusuri ng Kalusugan sa Paaralan
- Child allowance (hanggang 15 taong gulang)
- Tulong sa medical fee ng bata (hanggang 15 taon gulang)
- Educational Insurance



Magplano para sa gastos sa pag-aaral ayon sa landas na kukunin ng bata. Pag- usapan ang suportang magagawa ng magulang para sa tatahaking landas ng bata

- Magkaka-iba ang halaga ng matrikula sa bawat unibersidad at pipiliing kurso.
- Kapag gagamit ng student loan, mahalaga na mag-plano sa umpisa pa lamang kung paano ito maibabalik at agahan maghanap ng trabaho (job hunting). Alalahanin na kung walang mahanap na trabaho, hindi maibabalik ang nahiram na pera.
- Depende sa uri ng trabaho, ang paghanap ng trabaho ay labis na mahigpit kung kaya't importanteng agahan ang pag- isip ngistratehiya upang makakuha ng trabaho o mga eksaminasyon sa trabaho. (Para sa mga dayuhan, higit pa na mahirap makahanap ng trabaho kung walang mga sertipikasyon na nagpapakita ng kakayahan o kwalipikasyon sa trabaho).

Ukol sa mga sistema at subsidia para sa mga pondo sa edukasyon (P. 5)

Pag-isipang mabuti ang plano para sa hinaharap upang magkaroon ng makabuluhang buhay

- Kapag pumasok sa kumpanya, alaming mabuti ang Welfare Benefits ng kumpanya (Health Insurance, Pension Plan, Occupational Accident Insurance, Sistema ng bakasyon atbp.). Lalo na sa kababaihan, alaming mabuti ang mga bakasyon o tulong na maibibigay kaugnay sa pagbubuntis, panganganak at childcare.
- Ang pagkuha ng life insurance ay binabatay sa kasalukuyang kalagayan sa pamumuhay at sitwasyon ng kita, piliin ang nararapat, naaangkopong nababagay na insurance premium at kumuha ng makakayanan ng inyong bulsa.



## Stages of Growth

### Pag-aasawa at Pagpapalaki ng Bata

#### Employment

Para sa mga nagtatrabahong kababaihan, kailangan pagisipan ang trabaho pagkatapos ikasal at/o manganak- kung makabalik man o makakita ng ibang trabaho. Iba-iba rin ang estado ng trabaho, may regular at iba pa. Ang paraan ng pagtrabaho ay magkakaiba dahil naayon ito sa kita/ gastos ng sambahayan at sa istilo ng buhay na gusto ninyo.



#### Retirement • Old age

Habang nagtatrabaho at nagsusuporta ng anak, maaabot ang 'Retirement Age' kapag susundin ang work regulations ng kumpanya. Sa kamakailan, maraming retired employees ang bumabalik sa pagtatrabaho bilang part-timers hanggang maabot nila ang edad na makakuha na ng pension. Pagkatapos magretiro, magiging pensyonado.



## Ang Sistema at mga dapat Isa- isip

### Sa Life Plan ng Sambahayan ng Anak, kakailanganin sa panahon ng pag- aasawa, pangangalaga ng anak atbp.

#### Sambahayan ng Anak

Pag- isipan kung papaano magkaka-roon ng pondo para sa edukasyon at pabahay. Mangolekta ng impormasyon para sa tamang pag- deposit ng savings at mga loan. Huwag kalimutan i-recalculate ang inyong life insurance kung nagpakasal. Kumonsulta sa mga dalubhasang ahensiya o kumpanya para sa mga ito.

#### Sambahayan ng Anak

- Bago maghanap ng trabaho, pag-usapan muna ninyo kung ipapasok ba sa nursery o hihingi ng tulong sa magulang para pabantayan ang bata. Binabase ang Nursery fees sa sweldo at may kamahalan para sa mga 0~3 taong gulang. Pag isipang mabuti kung paano magtatrabaho dahil minsan, sa sweldo ni misis pa lamang ay nauubos na sa nursery fees.
- Mainam din na pag- usapan ang gagawin kapag nagkasakit ang anak, dahil kakailanganin maki usap sa inyong trabaho o tawagan ang asawa/ kapamilya kung mangyari ito.

### Kakailanganing pondo pang medikal at pang araw-araw para sa sakit at pagtanda

Sa pagtanda at sakit, kakailanganin ng suporta sa pang araw-araw at sa pagpapagamot. Sa kamakailan, madami ang nanganganak ng may edad na; kapag nangailangan na ng caregiver, maaaring may mga maliit na anak o nakatira sa malayo ang sariling anak. Pag- usapan ninyo ang gagawin kapag nagkasakit o kailanganin ng caregiver- kung matutulungan ng anak o gagamitin ba ang suporta mula sa lokalidad.

#### •Nursing Care Insurance

Pagkatapos maging 40 taong gulang, mag-uumpisang magbayad ng nursing care insurance premium. Kapag kinailangan na ng caregiver, mag-aplay upang mabigyan ng Nursing Care service ayon sa grado ng pangangailangan.

#### •Pensyon

- Kapag nakapagbayad na ng 10 taon, magiging eligible makakuha ng pension.
- Ang patakaran sa simula ng pagtanggap ng pension ay pagdating sa edad ng 65 taong gulang.

#### •Buhay sa Katandaan

- Pinakamababag halaga upang mabuhay ang mag-asawa ay ¥270,000/ buwan
- Ang halagang dapat matira sa ipon bago makatanggap ng pensyon ay ¥20,160,000\*. Ang pondo para sa pagretiro ay kinakailangan planuhin mula sa oras na ang anak ay mahiwalay sa inyo.

#### •Isipin ang sariling kamatayan

Mga bagay kapag namatay (seremonya ng paglibing, libingan, pamana, atbp.). Sumali sa "Ending Note" Seminar, magsulat ng sariling "Ending Note" o huling bilin at ibahagi ang nilalaman nito sa asawa at mga anak.

\*Mula sa [Public Opinion Survey on the Financial Behavior of Households (2016) ] ng Central Council for Financial Services Information

# Sistema ng Edukasyon sa Japan

#### •Nursery 0~5 yrs. old

- Maaaring makapasok kapag ang tagapag-alaga ay nagtatrabaho o kapag hindi maalagaan ang bata. Mahirap makapasok sa nursery dahil sa pagtaas ng bilang ng nagtatrabahong nanay. Depende sa sitwasyon ng magulang, maaaring pahabain ang oras ng pagpapa-alaga sa nursery. Ang bayad sa nursery ay magbabago batay sa kita ng sambahayan.

- Maaaring ipasok mula 0 taon gulang.

#### •Kindergarten 3~5 yrs. old

- Maaaring ipasok sa kindergarten kahit na hindi nagtatrabaho ang magulang. Posibleng ipasok mula sa edad 3 taong gulang.
- Dahil ito ay isang educational institution, may mga paalagaan kung saan natatangi ang edukasyong binibigay. Tungkol sa oras, nahuhuling pumapasok at maagang nadi- dismissal sa kindergarten kung ikukumpara sa nursery.

#### •Elementary 6~12 yrs.old • Junior HS 13~ 15 yrs.old

- Sa pampublikong paaralan, naka takda na ang papasukang paaralan ayon sa distrito ng tinitirhan. Ang lugar ay tinatawag na "distrito ng paaralan" o 'gakku'.
- Sa elementarya, iba- iba ang dismissal time sa bawat grade level. Para sa mga lower grade, pinaka- maagang natatapos ng mga 14:00, at ang pinaka- late na dismissal ay bandang 16:00.
- Mula sa ika- apat na baiting ng elementarya hanggang Junior HS, may mga aktibidad/ club na maaaring gawin pagkatapos ng klase.
- Sa kaso ng pribadong paaralan, ang bawat paaralan ay nag-aalok ng natatanging edukasyon.

#### •Senior HS 16~18 yrs.old

- Bilang pangkalahatang patakaran kakailanganin ang bayad sa matrikula at ng pambili ng mga libro.
- Para makapag-enroll, kailangang kumuha muna ng entrance exam. Para makakuha ng exam kinakailangan graduate mula sa junior high school sa Japan o ng katumbas na antas nito.
- Ang Senior High School ay may full-time, part-time at online, posibleng pumili ng gustong pasukan para sa sarili.

#### •Vocational school 19~20 yrs.old

- Maaaring makakuha ng technical skills na kakailanganin sa trabaho sa IT, design, accounting, atbp. Karamihan ay two- year course.
- Kung magtapos na may credentials (guro ng nursery o kindergarten, cook, nutrisyonista), na matatamo kung kukuha ng mga kinakailangang credit sa isang vocational school, magiging kwalipikado upang kumuha ng eksaminasyon para sa pipiling credential. (Hairdressers • Nurses • Dental Hygienists • Level 2 Automotive Mechanic • Physical Therapists • Caregivers • Level 2 Architect)

#### •University 19~22 yrs.old

- Kumpara sa vocational school, mas malakas ang factor dito ng pagpapalalim ng kaalaman. Ang entrance exam sa kolehiyo ay madalas nangangailangan ng mataas na kakayahang sa wikang Hapon. Dalawang taon sa junior college at apat na taon sa unibersidad. Para sa Graduate School, pagka- graduate ng unibersidad, 2 taon ng master's program (first- half ng doctoral program) at 3 taon ng doctoral program (last- half ng doctoral program).
- Kung magtapos sa unibersidad, bibigyan ng titulo ng "bachelor". Kung hindi tatapusin mag- kolehiyo, hindi maibibigay lahat ng mga kwalipikasyon (mga nutrisyonista, parmasiyutiko, atbp.). Makukuha lamang ang "kwalipikasyon upang kumuha ng eksaminasyon" ng napiling credential kung nakapagtapos mula sa unibersidad at kinakailangan kumuha ng eksaminasyon upang makakuha ng credential.



## ● Gastusin sa Pag-aaral

### ■ Public

|                              | Elementarya | Junior H.S. | Senior H.S. |
|------------------------------|-------------|-------------|-------------|
| Kabuuang gastos sa Edukasyon | ¥102,000    | ¥167,000    | ¥242,000    |
| Matrikula                    | Libre       | Libre       | ¥8,000      |
| "Gakko Nofukin"              | ¥8,000      | ¥12,000     | ¥48,000     |
| Textbook                     | Libre       | Libre       | ¥37,000     |
| School Lunch Fee             | ¥43,000     | ¥38,000     | —           |
| Iba pang gastos sa edukasyon | ¥51,000     | ¥117,000    | ¥149,000    |

### ■ Private

|                              | Elementarya | Junior H.S. | Senior H.S. |
|------------------------------|-------------|-------------|-------------|
| Kabuuang gastos sa Edukasyon | ¥932,000    | ¥1,027,000  | ¥740,000    |
| Matrikula                    | ¥470,000    | ¥436,000    | ¥259,000    |
| "Gakko Nofukin"              | ¥230,000    | ¥281,000    | ¥229,000    |
| Textbook                     | Libre       | Libre       | ¥39,000     |
| School Lunch Fee             | ¥46,000     | ¥4,000      | —           |
| Iba pang gastos sa edukasyon | ¥186,000    | ¥306,000    | ¥213,000    |

### ■ Unibersidad

|                                       | Pag-commute mula sa bahay |            |                    | Pag-commute mula sa Boarding House |            |                                     |
|---------------------------------------|---------------------------|------------|--------------------|------------------------------------|------------|-------------------------------------|
| <b>Pambansang Pampubliko</b>          | Unang Fiscal Year         | ¥1,758,000 | <b>¥4,575,000</b>  | Unang Fiscal Year                  | ¥3,457,000 | <b>Humigit kumulang ¥10,021,000</b> |
|                                       | 2nd Yr.~4th Yr.           | ¥939,000   |                    | 2nd Yr.~4th Yr.                    | ¥2,188,000 |                                     |
| <b>Pribado (Liberal Arts Program)</b> | Unang Fiscal Year         | ¥2,489,000 | <b>¥6,755,000</b>  | Unang Fiscal Year                  | ¥4,188,000 | <b>¥12,201,000</b>                  |
|                                       | 2nd Yr.~4th Yr.           | ¥1,422,000 |                    | 2nd Yr.~4th Yr.                    | ¥2,671,000 |                                     |
| <b>Pribado (Science Program)</b>      | Unang Fiscal Year         | ¥2,840,000 | <b>¥8,180,000</b>  | Unang Fiscal Year                  | ¥4,539,000 | <b>¥13,626,000</b>                  |
|                                       | 2nd Yr.~4th Yr.           | ¥1,780,000 |                    | 2nd Yr.~4th Yr.                    | ¥3,029,000 |                                     |
| <b>Pribado (Medical Program)</b>      | Unang Fiscal Year         | ¥5,982,000 | <b>¥26,737,000</b> | Unang Fiscal Year                  | ¥7,681,000 | <b>¥34,681,000</b>                  |
|                                       | 2nd Yr.~6th Yr.           | ¥4,151,000 |                    | 2nd Yr.~6th Yr.                    | ¥5,400,000 |                                     |

※Ang matrikula ng elementary, Junior at Senior HS ay batay sa nalathalang "Survey ng Gastos sa Pag-aaral ng mga Bata, 2014" ng Ministry of Education.

※Ang tuition sa Unibersidad ay batay sa "FY2017 Average Amount ng School Fee" ng Obunsha Educational Information Center

●Sa pampublikong senior high school, pinagkakalooban ng libreng matrikula sa pamamagitan ng 'sistema ng tulong-salapi sa high school, atbp' mula noong FY2004. Ang taunang bayad na makukuhang libre sa pag-aaral ay ¥118,000, ang ibang gastusin ay kailangan magbayad.

●Sa compulsory education kahit hindi na kailangan ng mga aklat-aralin, may mga pribadong paaralan na gumagamit ng mga orihinal na aklat na mas mahal ang halaga kaysa sa ibang aklat-aralin. May iba pang mga gamit sa paaralan at school excursion na kakailanganing gastusan.

●Sa pribadong elementary at Junior HS, mahal ang matrikula at school fees. Sa ilang mga kaso, ang gastos na kaugnay sa pagpasok ay mas mahal kaysa sa pampublikong paaralan (*Gakko Noufukin*).

●Kung paghahambingin ang pampubliko at pribadong Senior HS, kapansin-pansin na mas mahal ang bayarin sa private senior HS ng matrikula at school fees.

●Sa mga national public university, may pagkakaiba sa halaga ng gastusin depende sa kurso, ngunit ang halaga ng gastusin para sa Science Program at Medical Program ay halos pareho.

●Sa mga pribadong unibersidad, malaki ang pagkakaiba ng halaga ayon sa kurso. Halimbawa, kapag ihahambing ang 'average na bayarin sa unang fiscal year' ng Liberal Arts Program sa Medical at Pharmaceutical Sciences Program, ang Medical Sciences ay mga 5.6 beses na mas mahal kaysa sa Liberal Arts. Ang Pharmaceutical Sciences naman ay humigit-kumulang 1.7 beses na mas mahal.

## ► Paraan ng Pag-ipon ng Pera o Pondo

### ① Gumawa ng Savings Account

Hindi makakapag-ipon kung iisa ang account na pinapasukan ng sweldo at ipon. Pagpasok ng sweldo, ilipat agad ang naka set na halaga sa ibang savings account.

### ② Time Deposit (Banko)

Sa mga taong hindi kayang sariling magtabi ng pera bawat buwan, inirerekomenda na mag-Automatic Withdrawal Transfer ng pera galing sa Regular Savings account at ilipat sa Time Deposit Account. Kung gagawin ito, magagawang mag-withdraw ng nakapirming halaga galing sa regular account at maghulog sa savings account ninyo.

### ③ Time Deposit (Insurance Co.)

Dahil ito ay nawi-withdraw sa isang nakapirming araw bawat buwan, angkop para sa mga automatic savings.

#### Paalala!

Kapag ikinansela ng hindi pa umaabot sa itinakdang panahon, ang principal na halagang matatanggap ay mag-iiba (na kung minsan ay mas malaki pa ang naibayad kaysa sa matatanggap) kaya humingi ng detalyadong impormasyon tungkol dito sa insurance company.



# ●Sistema o Subsidia na Makakatulong sa Educational Fund

## ①Scholarship

Ito ay isang sistema upang mabawasan ang pang ekonomiyang pasanin ng mga taong nais mag- aral sa pamamagitan ng pagpapa- hiram sa kanila ng pang- matrikula o pang araw- araw.

Dahil ito ay “Hiram” na pera, kailangan itong bayaran pagkatapos makahanap ng trabaho. Depende sa uri ng scholarship, mayroon din naman maaari ng hindi bayaran at sa mga dapat bayaran ay may mga nakalakip na interes. Kadalasan, higit pa sa halagang nahi- ram ang interes at perang ibabalik.

## ②Educational Loan

Ito ay pautang ng mga institusyong pampinansyal sa mga indibidwal at limitado ito sa mga gastusing kaugnay sa edukasyon lamang.

## ③Educational Insurance

Insurance na layunin siguruhin ang educational fund ng bata. Katulad ito ng Life Insurance, atbp, na kapag patuloy nagbayad ng premium bawat buwan, makakakuha ng pera pag- abot sa edad ng batang nakalagay sa kontrata.

## ►Sistemang angkop sa Senior High School Students

※Maaaring magbago ang mga detalye o sistema ng tulong pananalapi. Mangyaring suriin ang pinakabagong impormasyon/ mga katanungan dito.



### Private Senior HS Tuition Reduction Assistance Grant (Sistema ng Prepektura)

Libre ang bayad sa pag-aaral para sa sambahayan ng mag- aaral na may taunang kita ng mas mababa sa ¥2,500,000. Ang samba- hayan ng mag- aaral na may taunang kita ng higit sa ¥2,500,000 ngunit hindi bababa sa ¥5,000,000 ay mababawasan ng naka- pirming halaga.

#### Halimbawa ng Tulong Pananalapi

- Kita na mas mababa sa ¥2,500,000  
Halagang maibabawas : ¥68,000/ taon
- Kita na mataas sa ¥2,500,00 hindi bababa sa ¥3,500,000  
Halagang maibabawas : ¥51,000/ taon
- Kita na mas mataas sa ¥3,500,00 hindi bababa sa ¥5,000,000  
Halagang maibabawas : ¥34,000/ taon

### Senior High School Tuition Support Fund (Pambansang Sistema)

“Tulong- salapi para sa matrikula ng Senior HS. Kwalipikado kung ang sambahayan ng studyante ay may Municipal Resident Tax Rate (shiminzei shotoko warigaku) na mababa sa ¥304,200. Kapag kwalipikado, malaki ang maibibigay na tulong sa matrikula (kung Full- time student= ¥9,900/ buwan) ng studyante ng Pampub- likong Senior HS.

Kapag studyante ng Pribadong Senior HS, maliban sa ¥9,900/ bu- wan na tulong- salapi, mabibigyan ng 1.5~ 2.5 beses ng nasabing halaga depende sa kita ng sambahayan.

Kwalipikado ang mga studyante ng Senior HS, Secondary Educa- tion School (upper division), College of Technology (1st~ 3rd Yr) at upper secondary course ng Specialized Training College atbp.

### Senior High Scholarship Grant (Sistema ng Prepektura)

Sistema na sumusuporta sa mga pamilyang may mababang kita at may anak sa senior high school o katulad. Layunin nitong tulungan makapag- aral ng matiwasay at mabawasan ang pasanin sa mga gastusin ng edukasyon ang lahat ng estudyanteng nais mag- aral sa mataas na paaralan. Maaaring tumanggap ng suporta ang pampubliko at pampribadong high school.

- ①Kwalipikado kung ang magulang/ guardian (may parental right) ng estudyanteng pumapasok sa senior high school o katulad ay kasalukuyang nakarehistro ang tirahan sa Gifu Prefecture sa Hulyo 1 ng bawat taon, at ang lahat ng guardian ay ‘hindi pinatawan ng municipal income tax’/ hikazei.
- ②Kwalipikado para sa scholarship grant ang mga estudyante ng Senior High School (Senior HS, Secondary School Upper Division, Col- lege of Technology (1<sup>st</sup>~ 3<sup>rd</sup> Yr. students), Specialized Training College Upper Secondary Course, atbp.) maliban sa Upper Secondary Department ng Special Needs School. Hindi kwalipikado ang mga senior high school students na ipinagkatiwala sa child welfare ins- titutions o sa foster parents na kwalipikado sa *Sochihi* (observation- tour expenses o espesyal na bayad sa pagsasanay).

## ►Sistemang angkop sa University Students

Ang ilang mga unibersidad ay may sariling sistema ng scholarship, kung kaya’t magtanong sa unibersidad.

### Japan Student Services Organization (JASSO)

Maaaring mag- aply habang estudy- ante pa ng Senior High o kahit na naka- pasok na bilang estudyante ng uniber- sidad.

#### Website

<http://www.jasso.go.jp/shogakukin/>

### Seiryu no Kuni Gifu, University Student Scholarship

Maaring makakuha ng scholarship grant kahit na ang napasukang University\* ay hindi sa Gifu Prefecture, at kung planong bumalik at magtrabaho sa prepektura sa hinaharap. Kung magtatrabaho, atbp. sa Gifu Prefecture, maaaring ma- libre sa pagbalik ng scholarship grant. Ang makukuhang scholarship grant ay ¥360,000 bawat taon.

#### Kondisyon

- ①Graduate ng Senior HS sa Prepektura (kasama dito ang mga graduate sa Upper Sec- ondary Dep’t ng Special Needs School at nakatapos ng Pangatlong Taong Kurso ng Col- lege of Technology)
- ②Nakarehistro ang tirahan at kasalukuyang university student sa labas ng Gifu Prefecture.
- ③Kung ang aplikante ay menor de edad, ang magulang o katulad ay kailangang may ad- dress sa loob ng prepektura.
- ④Maaasahan na pagka-graduate ay may intensyon na magtrabaho sa prepektura.
- ⑤Mahusay na academic record.
- ⑥Mapapatunayang hirap sa pagtustos sa pag- aaral.

\*Ang terminong “University” ay tumutukoy sa mga *daigaku*, *tanki daigaku*, *koto senmon gakko* (4<sup>th</sup> at 5<sup>th</sup> year) at *senshu gakko* (*senmon katei*).





## ► Sistemang angkop sa University at Technical College Students

Makipag- ugnayan sa Students Affair Office kung ang inyong unibersidad o technical college (*senmon gakko*) ay kaakibat ng isang kumpanya/ institusyon ng pautangan.

### National Educational Loan (Japan Finance Corporation)

- Sa mga dayuhan, kailangan “permanent resident/ *eijusha*”.
- Para sa mag- asawang may 2 anak, ang limit ng pinakamataas na taunang kita ng sambahayan ay dapat ¥8,900,000.
- Kwalipikado kung nag- aaral sa institusyong pang- edukasyon na tumatanggap ng mga junior high graduate o mas mataas, at ang kailangang kurso upang maka- graduate ay anim (6) na buwan o mas matagal pa.

#### Kwalipikadong Institusyong Pang- edukasyon

Mga unibersidad, graduate school (kasama ang law school at iba pang professional graduate school), junior college, specialized training college, miscellaneous category schools, *yobikō*, design school, senior high school, college of technology, special needs school upper secondary dept., at mga paaralan sa ibang bansa- senior HS, college of technology, junior college, university at graduate school (Limitado sa anim (6) o higit na buwang pag- aaral sa ibang bansa)

At iba pa na vocational educational institutions, tulad ng polytechnic schools, atbp.

### Educational Loan ng Financial Institutions

- Para sa mga dayuhan na “permanent resident/ *eijusha*”, at kailangang manirahan sa Japan hanggang makumple- tong maibalik ang loan.
- Tanungin sa bawat institusyong pinansyal ang kinakai- langang kwalipikasyon para sa aplikasyon.



## Employment Status at Pagtatrabaho

|                   | <i>Seishain</i><br>(Regular Employee)                                                                                                                 | <i>Haken shain</i><br>(Dispatch Worker)                                                                                                                                                       | <i>Keiyaku shain</i><br>(Contract Worker)                                                                                                                                  | <i>Part-time Arubaito</i>                                                                                                                                                                                                                                                                        | <i>Ukeoi</i><br>(Contract- based Worker)                                                                                                                                                                                                                        |
|-------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Paraan ng Trabaho | Mga manggagawang nag- tatrabaho ng full- time at walang nakatakdang oras. (regular na emplea- do).                                                    | Gagawa ng kontrata (mag- register) sa Dispatch Com- pany at mapupunta sa ibang kumpanya (Client Company) upang mag- trabaho. Mag- tatrabaho ayon sa utos/ di- reksyon ng Client Company.      | Mga manggagawang na- kakontrata ng may tan- ing. Kung minsan ang kontrata ay nare- renew. Kadalasan ito ay hang- gang 3 taon lamang, ngunit kung minsan ay may eksepsiyon. | Ang oras ng trabaho ng part- time ay maikli kump- ara sa normal na full- time na empleado.                                                                                                                                                                                                       | Isang estilo ng pagtatraba- ho sa Client Company bi- lang isang tauhan ng <i>Ukeoi</i> Company na humahawak sa buong proyekto ng kli- yente. <i>Ukeoi</i> ang tawag sa pagtrabaho sa direksyon ng Dispatch <i>Ukeoi</i> Compa- ny, bilang parte ng team/ grupo. |
| Tagal ng trabaho  | Walang taning ang pana- hon ng trabaho.                                                                                                               | May takdang termino, tulad ng anim na buwan, isang taon, atbp. Maaaring mag- renew.                                                                                                           | May taning ang trabaho. Maaaring ma- extend kung muling magsulat ng kon- trata.                                                                                            | May limitasyon. Ngunit ka- pag ang kontrata ay lumam- pas ng 5 taon, maaaring magkaroon ng indefinite em- ployment (walang taning).                                                                                                                                                              | Karaniwang sumusunod sa <i>seishain</i> o <i>haken shain</i> ng Dispatch Company.                                                                                                                                                                               |
| Merit             | Ang panahon ng traba- ho ay nasisiguro. Maaari makatanggap ng iba't ibang uri ng bene- pisyo at mapakinaba- ngan ang welfare na itinatag ng kumpanya. | Madaling makapili ng pana- hon, oras, nilalaman ng tra- baho atbp. Sa mga Dispatch Company, maaaring may mga mabu- ting kondisyon sa trabaho tulad ng benepisyong pang- medical, bonus, atbp. | Nakapirmi ang panahon sa trabaho kung kaya't ma- daling gumawa ng kontrata. Maraming merit para sa mga taong may abilidad o kasanayan.                                     | Madaling magtrabaho da- hil malayang mapili ang oras at araw ng trabaho. Kung hindi partikular sa trabaho, madaming pag- pipilian. Maraming traba- ho na OK kahit walang karanasan. Maaring maka- kuha ng karanasan at maaring maging regular employee.                                          | May mga kaso kung saan maaaring mag- kontra- ta ng pangmatagalan sa <i>Ukeoi</i> Company. Madami rin ang nakakapagtrabaho ng matagal bilang <i>ukeoi</i> staff. Nahahasa ang kasanayan sa sariling trabaho dahil nakatutok sa iisang traba- ho at iisang linya. |
| Demerit           | Maaaring mayroong over- time o relocation. Ang mga bonus at su- weldo ay depende sa ekonomiya.                                                        | Ang trabaho ay hindi pirmihan. Walang swel- do kung hindi nagtatra- baho. Mahirap pumili ng mahabang bakasyon, at oras ng trabaho. Minsan, pinahihintay ( <i>taiki</i> ).                     | Mahirap magtrabaho nang mahabang panahon. Kung hindi maaabot ang inaaas- ahang mga resulta, hindi ire- renew ang kontrata.                                                 | Ang Sistema ng pasahod ay kadalasan per oras o per araw at hindi tumataas ang sahod kung ikukumpara sa regular employee. Isa itong pansamantalang trabaho, kung kaya't kahit na mag- sikap, limitado ang mga gawain na ipagkakatiwala sa inyo. Walang maaasa- hang bonus o retirement allowance. | Dahil madalas limitado ang trabaho, walang ga- rantiya na may trabaho sa nais na pasukang in- dustriya.                                                                                                                                                         |




# Pagkakaiba ng Regular na Empleyado at Irregular na Empleyado


## ● Pagkakaiba sa Suweldo

Bagaman wala gaanong pagkakaiba sa simula edad, nagkakaroon ng pagkakaiba habang tumatanda. Kapag isasaalang-alang ang mga pondo para sa pamilya, pagpapalaki ng bata, housing at edukasyon, kung hindi regular na empleyado, halos walang maiiwan o maiipon at maaaring mahirapan makapasa sa loan dahil na rin sa taunang kita.


(Babae) Average Wage Gap by Type of Employment (2016) Thousand Yen



(Lalaki) Average Wage Gap by Type of Employment (2016) Thousand Yen



Average Wage Gap by Type of Employment and Gender (2016, Thousand Yen)



Ministry of Health, Labor and Welfare  
(inanunsyo noong February 22, 2017)  
FY2016 Basic Survey on Wage Structure

## ● Bakit hindi maganda ang magtrabaho ng hindi regular na employment?

### ► Magkaibang Pagtrato

**Regular Employment** • • • Mayroong buwanang sahod, bonus, at retirement allowance. Makakakuha ng health insurance, welfare pension at employment insurance ng walang nakalapat na kondisyon.

**Irregular Employment** • • • Ang sahod ay maaaring buwanan, arawan o per oras. Maliban dito, halos walang natatanggap na bonus at retirement allowance. Kadalasan, kapag hindi matugunan ang ilang mga nakatakdang kondisyon- tulad ng panahon ng employment, oras ng trabaho, atbp-, hindi makakakuha ng health, pension o employment insurance.

### ► Magkaibang Halaga ng Pensyon na Matatanggap

Ang pera na maaring kitain ng tao sa kanilang buong buhay na tinatawag na "lifetime wages" ay ang kabuuang halaga na matatanggap mula noong pagkakuha ng trabaho hanggang sa pagretiro. Kung ikukumpara ang regular at irregular na empleyado, ang irregular na empleyado ay walang pagtaas ng suweldo, walang bonus, at walang allowance para sa pagreretiro. Higit pa rito, ang mga irregular na empleyado ay tatanggap lamang ng National Pension kung walang aplikasyon sa employees' pension. Ang National Pension ay mas mababa ang halaga ng pagbabayad kaysa sa Employees' Pension, kung kaya't magkakaroon din ng pagkakaiba sa makukuhang pension sa pagtanda.

Kapag kakalkulahin ayon sa average na halaga noong 2015, ang matatanggap na pension mula edad 65 ay:

- National Pension lang, matatanggap hanggang 85 taong gulang  $\text{¥}50,826 \times 12 \text{ buwan} \times 20 \text{ taon} = \text{¥}12,198,240$
- Employees' Pension matatanggap hanggang 85 taong gulang  $\text{¥}145,305 \times 12 \text{ buwan} \times 20 \text{ taon} = \text{¥}34,873,200$

Ang National Pension para sa mag-asawa ay  $\text{¥}110,000$ . Hindi ito sapat para mabuhay.



## Mini Column

### Alam mo ba ang minimum na pasahod?

#### Minimum na pasahod sa Gifu Prefecture ay

**¥800**

※as of October 1, 2017

Sa ilalim ng Minimum Wage Act, ang gobyerno ay nagtakda ng isang minimum na halaga ng pasahod, at ang employer ay dapat magbayad ng sahod na katumbas o higit pa sa minimum na pasahod sa mga manggagawa.

## Mini Column

### Alam mo ba ang "Paid Vacation (Yukyu Kyuka) System"?

Anuman ang type of employment, hanggat patuloy na nagtatrabaho, maaaring makuha ang "paid vacation".

#### Reference

Ayon sa Labor Standards Law Artikulo 39, ang nagpapatrabaho ay kailangan magbigay ng 10 araw na "paid vacation"/ *yukyu* sa manggagawang patuloy na nagtatrabaho ng anim (6) na buwan simula sa araw na nakapasok sa trabaho at nagtatrabaho ng 80% o higit pa sa 'mga araw ng trabaho'. Ang 10 araw na "paid vacation"/ *yukyu* ay maaaring kunin ng buo o hiwa-hiwalay.

Alamin sa kumpanyang papasukan kung paano makakuha ng "paid vacation" o *yukyu*.

## Interview

Panayam sa mga tao o kanilang mga magulang na nakamit ang pangarap na makapag-aral o makapagtrabaho. Umaasang makatulong ito upang matupad ang inyong mga pangarap at mithiin sa buhay.

### ●Mga Magulang ng mga Nakapagtapos at Nakapag Trabahong mga Anak



**Edna Ono**

Filipino • nakatira sa Gifu City Interpreter

**23 yrs. old** Ikinasal sa Pilipinas Dumating sa Japan at ipinanganak ang 2 anak na babae.

**38 yrs. old** Noong ang panganay ay nasa 2<sup>nd</sup> Yr Junior HS at nasa grade 6 ang bunso, nagtungo ang mag-ina sa Amerika at nag-aral doon ng 2 taon. Si Gng. Ono ay nag-enroll sa isang graduate school upang maging guro ng Ingles. Ang dalawang anak ay nakapagtapos sa kolehiyo at technical college.

#### Kasalukuyan

Ang panganay na anak ay nagtatrabaho sa isang hotel sa Hawaii at ang bunso ay nakapag-asawa, nanganak at ipinagpapatuloy ang negosyo ng pamilya. Sa kasalukuyan si Gng. Ono ay aktibo bilang freelance interpreter.

#### Ang edukasyon ay ang pag-aalaga ng kakayahang mag-isip at gumalaw.

##### Saan nahirapan sa pagpapalaki ng bata sa Japan?

Noong hindi pa ako magaling sa wikang hapon at pumapasok pa sa kindergarten at elementary ang aking mga anak, wala akong kaalam-alam sa nilalaman ng mga papel na binibigay ng paaralan o mga kaganapan sa lokalidad, at nahirapan ako makipag-usap.

Wala din ibang dayuhan noon sa paligid at dumipende lang ako sa asawa ko at kanyang mga kamag-anak. Ngunit ayaw ko parating umasa sa kanila at gusto ko magawa ang bagay-bagay mag-isa. Kung kaya't, una sa lahat, pinagsikapan kong mabasa ang balita sa hapon.

##### Ano ang dahilan at nag-aral kayo sa Amerika?

Ito ay dahil mayroon akong alinlangan sa pamamahala ng edukasyon sa Japan. Napagpasyahan kong mag-aral kami sa Amerika dahil gustong kong gamitin ng mga anak ko ang sariling pag-iisip/ inisyatiba, at lumawak ang kanilang tingin sa buhay. Gusto ko din mag-aral sa graduate school at makakuha ng kwalipikasyon upang maging English teacher dahil nagtuturo ako noon ng ingles.

##### Paano ka naghanda para sa matrikula?

Isinasalang-alang ko sa budget at nagtatabi na ako noong bata pa sila.

Dito ko naunawaan ang halaga ng ¥1. Napagtanto ko na gamitin ang pera sa importanteng mga bagay, maging handa sa anumang mangyayari, at pahalagahan ang mga maliliit na barya.

Hindi ko pinasok ang aking mga anak sa isang tutoring class kahit halos karamihan ay pumapasok dito. Napag-alaman ko kasi na kahit hindi ipasok sa tutoring class ay maipagpapatuloy o makakapasok sila sa kolehiyo, kaya inumpisahan ko na ang pag-iipon.

##### Anong kurso ang napili ng iyong mga anak?

Inisip ko na dahil mas binibigyan-pansin ang resulta ng nakapag-aral ng unibersidad sa ibang bansa kesa sa Japan, hinimuk ko ang aking mga anak na pumasok sa unibersidad sa Hawaii. Sa unibersidad din na ito, maaaring mag-aral ng 2 taon habang pinag-iisipan ang kuku-ning specialization. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho ang panganay ko sa isang Hotel sa Hawaii.

Ang aking bunso naman ay nag part-time muna sa isang Aesthetic salon para pakiramdaman kung ito talaga ang gusto niya. Pagkatapos, sinabi niya na gusto niya talagang mag-aral ng Aesthetics, kaya naghahanap na kami ng paaralan. Napaka mahal ang gastos sa technical college ng Japan, at napag-alaman ko na may affiliated salons for actual training sa ibang bansa kaya pinili kong pag-aralin nalang siya sa England. Pagka graduate niya ay nakapag trabaho siya sa isang aesthetic salon sa Japan, nakapag-asawa, at sa kasalukuyan ay tumutulong sa family business.

##### Ano ang masasabi mo sa iyong trabaho?

Dahil mayroon akong kwalipikasyon bilang nurse sa Pilipinas, nais kong gamitin ang aking kaalaman at makatulong bilang medical interpreter. Ang mga medikal na interpreter na nangangailangan ng advanced na kadalubhasaan sa Japan ay madalas na pinatakbong mga boluntaryo. Dahil may duda ako sa mga ganito, hindi ako nagpupunta bilang volunteer medical interpreter. Umaasa ako na mapabuti ang pag-aayos ng sistema ng mga medical interpreter upang matulungan ang mga taong talagang may problema.

##### Ano ang iyong pinahahalagahan/ Mensahe

Nakaranas din ako ng hirap sa pagtira sa Japan, pero inisip ko: "Ito ako". Mayroon akong Identity at Self-esteem dahil nahubog ito mula sa edukasyong ibinigay ng aking mga magulang. Kahit na wala akong yaman na maiiwan sa sarili kong mga anak, ang edukasyon ay mananatili sa kanila upang makapamahay ng masagana at maayos. Kahit na maraming pumipintas, pinahahalagahan ko ang pag-iingat sa pagpapasya at ginagawa ko kung ano ang tama para sa sarili. Hindi ko tinatanggap ang pangangatuwiran na: "When in Roma, do as the Romans do".





### Jenifer Baciana Fukuta

Filipino • nakatira sa Kani City  
Hello Work Interpreter

**17 yrs.old** Dumating sa Japan bilang show dancer. Nakaranas ng matinding hirap sa hindi kanais- nais na working environment.

**21 yrs.old** Umuwi sa Pilipinas. Nagtayo ng Beauty Parlor kasama ng isang kaibigan.

**24 yrs.old** Nagbuntis at nanganak. Pagkatapos makasal sa kasalukuyang asawa ay dumating sa Japan. Naisipang mahihirapang magtrabaho habang nag-aalaga ng anak, kaya napagpasyahang iwan ang anak sa Pilipinas at paalagaan sa ina.

**38 yrs.old** Tinawag sa Japan ang 14 yrs.old na anak at nagsimulang namuhay na magkasama. Pumasok ang anak sa Senior HS at Junior College. Magtatrabaho ang anak sa isang kumpanya ng damit/ apparel ngayong taon.

**Kasalukuyan**  
Interpreter sa Hello Work.

## Matututunan sa paaralan kung paano makisama sa mga Hapon, sariling halaga, at ang lipunan.

### Saang bansa pinlanong palakihin ang anak?

Tatlong beses sa isang taon lang kami nagkikita ng anak ko nung iwan ko siya sa Pilipinas. Plano ko sanang isama siya sa Japan pagka 10yrs old siya. Para hindi siya mahirapan sa buhay sa Japan, pinasok ko siya sa Japanese School sa Pilipinas. Nagkaroon ng problema sa pagproseso ng papeles kaya natagalan at nakarating nalang siya dito noong 14 yrs old na siya.

### Ano ang naisip ng anak ukol sa pagpunta sa Japan?

Tutol siya sa pagpunta ng Japan noong 10 yrs old siya dahil ayaw niyang iwanan ang lola niya. May kapansanan siya sa kamay at paa na naging sanhi ng panunukso sa kanya noon, kaya nang mag- edad 14 ay siya na mismo nagsabi na gusto na niyang pumunta sa Japan. Sa napasukang Junior HS pagdating dito, tinanggap ng kanyang guro at kklase ang kanyang kapansanan kaya naging masaya siya dito.

### Anong kurso ang napili ng iyong anak?

Napili niya ang may kaugnayan sa Fashion dahil na rin siguro sa kanyang kapaligiran, sa asawa ko na nagtatrabaho sa kumpanya ng tela at lola niya na isang mananahi. Pumasok siya sa Senior HS na may Fashion Department, pagkatapos ay nag-enroll siya sa Junior College na may kaugnay sa Fashion.

### Ano ang masasabi mo sa napili niyang kurso?

Pinapasok ko siya sa Senior HS at kolehiyo para matutunan niya kung paano mabuhay sa Japan. Para sa akin, may matutunan mula sa lipunan tulad ng kultura at pag-iisip ng mga Hapon. Gusto kong matutunan niya kung paano magsikap, magtrabaho at mag- ipon kesa agad mag-asawa o mag- alaga ng anak sa bahay.

### Anong uri ng mga trabaho ang iyong napasukan pagdating sa Japan?

Nakaranas ako ng matinding hirap noong dumating ako sa Japan bilang show dancer. ¥500/day ang food allowance ko at naga- ambag pa kami ng mga katrabaho ko para sa pagkain.

Pagkapanganak, bumalik ako sa Japan at nag trabaho ng part- time bilang tagahugas ng pinggan, kitchen staff, factory worker, atbp. Nagkataon lang na Nakapunta ako sa Hello work, inaya nilaakong magtrabaho sa kanila bilang interpreter. Pang- anim na taon ko nang nagtatrabaho bilang interpreter.

### Anong masasabi sa trabahong interpreter?

Sa simula ay mahirap. Mahirap lumagay sa pagitan ng dalawang tao. Sa pag- interpret, pinakikinggan ko ang sinasabi ng partido hanggang sa huminahon at sinisikap kong pakibagayan ang kalagayan ng partido. 17yrs old ako ng unang nakarating sa Japan, hindi ko inakalang ito ang magiging trabaho ko ngayon. Ngayong hindi na ako nagpapalaki ng bata, gusto kong mag- focus sa aking kasalukuyang trabaho.

### Ano ang iyong pinahalagahan/ Mensahe

Noon, napag- usapan namin ng anak ko na mage-enroll siya sa junior college, pero biglang hindi na raw mage- enroll kasi maglilive- in kasama ng boyfriend (lol). Hindi ko siya agad pinahintulutan, sa halip ay binigyan ko muna siya ng oras at mga tanong para makapagmuni- muni. Paminsan- minsan, maganda rin ang maging mahigpit. May mga panahon na sinasabihan niya ako ng "Salamat". Pinahalagahan ko ang mga oras na iyon.

## ●Mga Taong Nakapag- aral o Nakakuha ng Trabaho



### Katchena Demdam (25 yrs. old)

Filipino • nakatira sa Inuyama City  
1<sup>st</sup> Yr. IT student sa isang  
Technical College (Senmon gakko)

**16 yrs.old** Nag- aral ng IT sa isang unibersidad sa Pilipinas.

**19 yrs.old** Dumating sa Japan. Nag-aral ng hapon sa International Center.

**20 yrs.old** Nagtrabaho sa pabrika sa araw, nag-aral sa Teijisei HS sa gabi.

**23 yrs.old** Dahil gustong mabilis matutunan ang wikang Hapon at magawa na ang gusto, tumigil sa Senior HS at nag-aral ng hapon sa isang Japanese School. Upang makaipon ng matrikula, nag part-time muna ng isang taon.

**25 yrs.old** Nag-enroll sa isang Technical College (senmon gakko).

**Kasalukuyan**  
Nag-aaral ng "Information Security" sa Technical College.

## Lalawak ang mga posibilidad ng isang tao kung may "Impormasyon".

### Paano siniguro ang bayad ng matrikula?

Ang kalahati ay galing sa Educational Loan at ang gastos sa transportasyon at allowance ay galing sa sweldo ko sa part-time sa cellphone shop. Sa kasalukuyan, pumapasok ako sa technical college habang nag pa- part-time tuwing Sabado at Linggo. Araw- araw akong abala sa part-time at pag- aral.

### Paano ka kumuha ng impormasyon upang makapasok sa kolehiyo?

Nakakuha ako ng impormasyon sa Japanese Language School, International Center, mga katrabaho sa pag pa- part-time, o sa internet. May mga pagsisisi din ako. Pagdating sa Japan, kung sana mas marunong pa ako sa wikang Hapon, kung alam ko lang na mayroon pang ibang pwedeng mapiling landas/ kurso, at kung nalaman ko lang ang mga ito ng mas maaga.

### Ano ang opinyon ng iyong mga magulang sa napili mong landas/ kurso?

Nagtatrabaho ako hindi para sa pamilya ko kundi, para sa sarili ko at nirespeto nila ang ginagawa ko at ang napili kong landas.

### Ano na ang iyong layunin o gustong gawin?

Sa ngayon, ako ang humaharap sa mga dayuhang customer sa tindahan ng mobile phone. Nakakagalak makita ang ngiti ng mga customer kapag matulungan ko sila sa paraan ng paggamit ng cellphone o magabayan sa pagpili ng presyong angkop sa kanilang pangangailangan. Pinag-aaralan ko ang "Information Security". Gamit ang mga karanasan ko noong nahirapan ako pumili ng karera at karanasan sa trabaho, nais kong tulungan ang mga taong nahihirapan kumuha ng "impormasyon" sa trabaho o sa buhay.

### Ano ang iyong pinahalagahan/ Mensahe

Huwag sumuko sa mga gustong gawin at harapin ang mga hamon ng may tiwala sa sarili. nang hihinayang ako makita ang mga kaibigan ko na walang magawa kundi magtrabaho sa pabrika, hindi magpatuloy sa pag-aaral o sumusuko na lamang. Magsaliksik ng "Impormasyon" o makipagkonsulta sa mga tao/ahensiya na madaming "Impormasyon" at makakatulong sa pagpili ng tatahaking landas.





**Chaves Tiago Kenji Matsui**  
(24 yrs. old)

Brazilian  
nakatira sa Kakamigahara City  
nagtatrabaho sa IT Company  
(Regular na Empleado/ *seishain*)

**10 yrs. old** Dumating sa Japan kasama ang pamilya. Natutunan ang hapon sa Japanese classroom ng elementarya.

**15 yrs. old** Nagtatrabaho sa pabrika sa araw at nag-aaral sa *Teijisei* HS sa gabi.

**18 yrs. old** Pinagpatuloy ang trabaho sa pabrika habang nag-aaral ng WEB Design sa Technical College sa gabi.

**21 yrs. old** Nakapagtrabaho sa kumpanya kung saan nag-internship.

**Kasalukuyan**

In-charge sa design at programming ng company website.

## Sapagkat may minimithi para sa Hinaharap, makikita kung ano ang dapat gawin Ngayon.

### Paano mo pinili ang iyong kurso?

Noong pumapasok ako sa *Teijisei* HS sa gabi, nagtatrabaho ako sa pabrika sa araw. Noong panahon na iyon, hindi ko nagustuhan ang simpleng ginagawa sa pabrika at naisip ko na gusto ko ng trabahong nagbibigay ng kabuluhan para sa akin. Pinili kong pumasok sa *senmon gakko* dahil gusto kong makakuha ng specialized skills na magagamit ko sa trabaho sa halip na mag-aral sa unibersidad na kailangan ng mataas na abilidad sa wikang Hapon at nagtuturo ng general course. Pinili kong pumasok sa IT Technical College dahil hilig ko ang computer. Para sa pagpili ng kursong ito, kumonsulta ako sa aking mga guro.

### Paano siniguro ang bayad ng matrikula?

Pinagpatuloy kong magtrabaho sa umaaga habang nag-aaral ng HS at kolehiyo sa gabi dahil mahirap bawasan ang family budget para sa pambayad ng matrikula ko.

### Ano ang mga saya at hirap sa iyong trabaho, at ang iyong layunin sa ngayon?

Sa una ay nahirapan akong gumawa ng business e-mail o gumamit ng magalang na salita o kataga. Mahirap at madalas na ginagabi ako sa pagtatrabaho, ngunit labis akong nasisiyahan dahil ang website na aking nilikha ay nakikita na ng publiko at nakapagbibigay halaga ako sa mundo.

Sa hinaharap ay nais kong magsarili (magtayo ng sariling kumpanya), at makapagtrabaho sa abot ng aking makakaya. Dahil dito, kumukuha ako ngayon ng karanasan sa aking pinagtatrabahuan.

### Ano ang iyong pinahahalagahan/ Mensahe

Mahalagang huwag pagsisihan ang mga bagay na pinagpasiyahan gawin. Pag-isipan ng malinaw kung ano ang gustong gawin sa pangmatagalang panahon sa hinaharap at kung pag isipan ito pabalik, makikita kung ano ang mga kailangang piliin ngayon upang makamit ito.



**Thalissa Miyuki Watanabe**  
(21 yrs old)

Brazilian  
nakatira sa Kakamigahara City  
1<sup>st</sup> Yr student sa isang  
Nursing Technical College

**0 yrs. old** Dumating ang mga magulang sa Japan. Ipinanganak at pinalaki sa Japan.

**16 yrs. old** Pumuntang Brazil dahil sa kalagayan ng pamilya. Nagtapos sa isang lokal na Senior HS.

**19 yrs. old** Bumalik sa Japan dahil gustong ipagpatuloy ang pag-aaral dito. Nag part-time ng isang taon para maka ipon ng pang-matrikula.

**21 yrs. old** Nag-enroll sa isang nursing technical college na kayang pasukan habang nagtatrabaho ng part-time.

**Kasalukuyan**

Pinagsisikapang makakuha ng kwalipikasyon para maging Licensed Practical Nurse (*jun-kangoshi*).

## “Hindi ko nililimita ang pagpili ng tatahakin sa iisang landas. Madami akong gustong gawin!”

### Paano mo pinili ang iyong kurso?

Noong pumunta kami sa Brazil dahil sa sitwasyon ng aking pamilya, nahirapan akong makihalubilo dahil sa ibang pag-papalaki at kinamulatan ko. Doon ko napag-isipan na bumalik, mag-aral at magtrabaho sa Japan. Magmula ng ako ay bata pa, gusto ko ng maging isang nurse. Dahil mahirap maglabas ng pang-matrikula mula sa family budget namin, naghanap ako ng kolehiyong mapapasukan ko habang nagtatrabaho. Nag-enroll ako sa kolehiyong ito dahil may nagsabing kakilala ko na makapapasok dito kahit na graduate lang ng Junior HS.

### Paano ang iyong student life?

Iba't ibang uri at edad ng mag-aaral ang nakakahalubilo ko sa aking kolehiyo dahil sa katangian ng kolehiyo na maaaring maging kuwalipikadong nurse ang sino man habang nagtatrabaho. Dahil ang klase ko ay sa hapon pa, nag part-time ako sa clinic at restoran para sa pang-matrikula. Nakawiling pag-aralan ang tungkol sa katawan ng tao, ngunit nahihirapan ako sa *Kanji*, lalo na at maraming teknikal at medikal na termino.

### Ano ang plano mo sa hinaharap?

Plano ko dati na makapagtapos ng Senior HS sa Japan, ngunit kalagitnaan nito, napagpasyahang bumalik kami sa Brazil. Pakiramdam ko noon ay napagiwanan ako ng mga kaklase ko dahil sa pagpuntang Brazil. Ngunit ng nasa Brazil ako, nakakuha ako ng ideya sa iba't-ibang pamumuhay at pag-iisip ng mga tao. Kaya ngayon, iniisip ko na hindi lang trabahong nurse ang pwede kong gawin. Plano kong makakuha ng kwalipikasyon maging practical nurse (*jun-kangoshi*) at subukan magtrabaho bilang nurse. Pinag-isipan ko din kung kukunin ko ang pang-registered nurse (*seikangoshi*). Noong aking kabataan, nabigyan ako ng oportunidad matuto ng wikang Hapon. Ngunit napag-alaman ko na hindi ito tipikal para sa ibang bata. Ang kakayahang makapag salita ng 2 wika ang aking kalamangan. Ang kalamangang ito ay nais kong gamitin bilang nurse o bilang translator sa aking lugar.

### Ano ang iyong pinahahalagahan/ Mensahe

Hindi ko nililimita ang pagpili ng tatahakin sa iisang landas lang dahil mahirap kung mag-laon ay mawala ang landas na ito. Madaming landas at posibilidad na pagpipilian at madami akong nais gawin at subukan.

# ● Pakikipanayam sa Magulang at Anak



**Ama : Edilson Kinjo**  
NPO Representative

**Ina : Alina**  
Language Studies Consultant sa Elementary at Junior HS

**Anak : Nayara Natsumi**  
(25 yrs.old)

Aichi Prefectural Office, adjunct employee

Japanese- Brazilians nakatira sa Minokamo City

**1997**

Alina (Ina) dumating sa Japan (27 yrs.old noon).

**1998**

Edilson (Ama, 35 yrs. old noon) at Nayara (5 taon noon) dumating sa Japan. Mga magulang ay nagtrabaho sa cake factory bilang regular na empleado (*seishain*). Ang lalaking anak ay iniwan sa pangangalaga ng lolo at lola sa Brazil, dumating sa Japan nang mag- limang taong gulang na.

**2000**

Nang nag- grade 2 na si Nayara, ang inang si Alina ay nagtrabaho bilang taga- suporta sa mga batang dayuhan sa elementarya.

**2005**

Nang mag- junior high si Nayara, nagsimula siyang maging aktibo sa pagsulong sa mga *Nikkei* Brazilian na mga bata sa kanyang komunidad. Naging incorporated ang NPO Brazil *Tomonokai*. Nagtrabaho si Edilson bilang director ng korporasyon.

Pinagpatuloy ni Naraya ang pag- aaral ng unibersidad at graduate school. Pinag- aralan niya ang tungkol sa 'Old- age Welfare'.

**2017**

Nagtrabaho si Nayara sa *Aichi* Prefectural Office bilang adjunct employee (*hijoukin shokuin*).

Kasama siya sa pagbuo at pag- plano ng mga policy para sa multiculturalism sa loob ng prepektura.

## Bigyan ng pagkakataon at patuloy na maniwala sa mga bata.

**Bago pumasok si Nayara sa elementarya, paano ninyo binalanse ang trabaho at pagpapalaki ng bata?**

Dumating kami sa Japan para magtrabaho, ang aking mga magulang ay nagtrabaho bilang regular na empleyado sa isang factory ng cake na may night shift. Dahil hindi angkop ang oras ng pag- aalaga sa day care at pang- gabing trabaho, nakiusap kami ng babysitter. Lumipat kami sa apartment kung saan din nakatira ang babysitter, para maalagaan mula umaga hanggang gabi. Nakakapagod at mahirap ang trabaho. Halos buong sweldo ng aking inang si Alina ay napupunta sa pagbabayad ng babysitter lamang.

**Anong mga problema ang naranasan habang naninirahan sa Japan?**

Dahil hindi ko maintindihan ang social system ng Japan, hindi ko alam kung paano mag file ng resident tax, prefectural tax, o tax return, kaya talagang nahirapan ako. Kumonsulta pa ako sa City hall, pero ang talagang nakatulong sa akin ay ang mabait na mga kasama ko sa trabaho. Kasamahan ko rin sa trabaho ang nagturo sa akin tungkol sa babysitter.

**Bilang magulang paano ninyo sinuportahan ang inyong anak?**

Mula ika- 5 grado ng elementarya, kumuha ako ng pribadong tutor. Desperado akong matutunan niya ang mga bagay tungkol sa paaralan at para makakuha ng kaalaman. Ang mga dapat pag- aaral sa pam- publikong edukasyon ay ginagawa naming sa bahay. Malaking gastos ito ngunit alam kong kinakailangan.

**Bakit napag- isipan na magtatag ng NPO?**

Noong makita ko na nahihirapan ang anak ko sa paaralan, naisip ko na mayroon din sigurong ibang bata katulad niya na nahihirapan. Naisip ko din na, maliban sa paaralan na nag- aayos ng problema, kailangan din ng organisasyon na sumusuporta sa mga dayuhang nakatira sa lokalidad. Ang aming NPO ay nagsasagawa ng suporta sa pag- aaral, pag- aral ng sariling wika, at suporta sa trabaho. Pinag- isipan naming na ipagpatuloy ang organisasyon hanggang may isa sa mga bata ang makapagtapos ng kolehiyo. Sa mga batang natulungan, 10 sa kanila ang nakapasok sa kolehiyo. Nagturo din si Nayara sa mga bata at lumalim ang kamalayan niya sa multiculturalism.

**Ano ang masasabi ninyo tungkol sa edukasyon ng mga batang dayuhan na nakatira sa Japan?**

Kung nabigyan lamang ng impormasyon noong simula pa ang mga magulang at bata, maaari nilang ipasok sa pagpipilian nila ang pagpasok sa kolehiyo. Nakakahinayang na, sa paaralan dito sa Japan, mayroong mga guro na pinapakitid ang mga posibilidad at nagsasabi ng "Magtatrabaho din lang naman yang batang iyan sa pabrika diba" o "Wala din naman kabuluhan kung mag- aral siya". Importante na mabigyan ng impormasyon hindi lamang mga magulang, ngunit pati na rin ang mga guro. Kailangan din ng komprehensibong suporta ang mga bata upang makapili ng kurso sa buhay.

**Paano pinaghandaan ang educational funds mo, Nayara?**

Galing sa ipon ng mga magulang ko ang gastos para sa 1<sup>st</sup> at 2<sup>nd</sup> Yr sa kolehiyo. Scholarship mula sa JAS- SO naman ang ginamit ko noong 3<sup>rd</sup> at 4<sup>th</sup> Yr sa kolehiyo. Para sa graduate school na pondo, nakakuha ako ng Grant- type Scholarship para sa mga *Nikkei- jin* o Japanese descent mula sa JICA.

**Paano ang buhay- estudyante, Nayara?**

Nagsimula akong mag- aral ng elementarya sa aming pook noong grade 2. Pakiramdam ko ay mag- isa (isolated) ako dahil hindi ko alam ang wikang hapon, hindi din naituro sa akin ang mga bagay- bagay sa paaralan, at hindi ako makagawa ng mga kaibigan. Nakaranas ako ng pang- aapi (bullying) noong Junior HS kung kaya't madaming beses ako nag- absent sa paaralan. Hindi umakasyon ang aking guro tungkol sa bullying. Pero noong dineretso ko sa Vice- principal at sinabing "Mamamatay nalang ba ako?! Puwes uuwi nalang ako ng Brazil!", doon palang natigil ang bullying. Tinutukso din ako noong SHS at hindi maganda ang karanasan ko noon.

**Ano ang nakatulong noong nahirapan ka sa pag- aaral, Naraya?**

Noong JHS, lumawak ang pananaw ko noong nag- bigay ako ng speech sa harap ng madaming tao para sa Foreign Residents Congress \* bilang representatibo ng lungsod ng Minokamo at noong pumunta ako ng ibang bansa para mag- home stay. Nakatulong din na may pangarap ako sa hinaharap na ginamit kong pang- focus.

Gusto kong magkaroon ng lipunan na maayos. Madaming pinaghirapan ang mga magulang ko noong dumating sila sa Japan. Mayroon din akong mga mapait na kwento katulad nila.

**Paano mo napili ang iyong kurso, Naraya?**

Pinangarap ko maging interpreter noong SHS ako. Pero noong pumunta ako sa Open Campus ng isang unibersidad, nagkita kami ng isang guro na kakilala ng mga magulang ko dahil sa NPO. Nagtuturo siya ng "Welfare" course at nalaman ko sa kanya ang importansiya ng pagsuporta sa mga dayuhan na magkaroon ng kaalaman at pananaw tungkol sa 'welfare'. Dahil dito, napagdesisyonan ko na kunin ang kursong ito.

Nalaman ko habang nag- aaral sa kolehiyo na walang kurso para sa mga "dayuhan" sa larangan ng Welfare. Dahil dito, pinili kong ipagpatuloy ang pag- research sa graduate school at sinaliksik ko ang kasalukuyang sitwasyon ng mga matatandang Japanese descent o *Nikkei* Brazilian na nakatira sa Japan at Brazil.

**Paano mo napili ang iyong trabaho?**

Plano ko sanang kumuha ng doctorate course. Pero noong nagkaroon ng oportunidad na magtrabaho bilang adjunct employee sa Aichi, naisip ko na importante din magkaroon ng karanasan kaya nag- apply ako. Kalahating taon na akong nagtatrabaho dito. Masaya ako sa trabaho at nagawa kong maintindihan ang mga nararamdaman at pananaw ng mga taong taga- administratibo. Sa hinaharap, gusto kong kumuha ng sertipikasyon maging social worker at gumawa ng lugar na makakasupporta sa mga matatandang Brazilian.

**Ano ang iyong pinahalagahan/ Mensahe**

Kung mayroong maaasahang guro, makakaya ang buhay sa paaralan. Kung papaniwalaan ang guro na nagsasabi ng "Walang magagawa/ Hindi kaya", hindi makakapag- isip ng magagawa para sa pagpapalaki ng bata o pagpili ng gagawin sa kinabukasan. Ang mensahe sa mga bata, huwag sumuko sa inyong mga pangarap. Sa mga magulang, ipagpatuloy paniwalaan ang inyong mga anak. Palagi din kumalap ng impormasyon.



# Mga Dapat Malaman ng mga Taong Naninirahan sa Japan tungkol sa Social Security System

## 1) Tulong ng Gobyerno sa Medical Fee ng mga Bata

- Sistema kung saan natutulungan sa out-of-pocket na gastos para sa mga gamot o pagpapa-ospital (dahil sa sugat o sakit) ng bata.
- Mga kondisyon: Ang bata ay dapat nakarehistro ang tirahan sa loob ng Gifu Prefecture, naka-pasok sa isang Japanese Health Insurance (*kenko hoken*), at hindi pa nag-graduate sa Junior HS (Panahon mula noong nag-edad 15 yrs old hanggang sa darating na Marso 31.)

### Contact

Division- in-charge sa City Hall  
(Ang pangalan ng division ay naiiba depende sa munisipalidad)

## 2) Child Allowance (*Jidou- teate*)

- Tulong- salapi na binibigay sa mga taong nag-aalaga sa mga batang hindi pa naggraduate ng Junior HS. Mayroong income limits depende sa bilang ng dependent na kapamilya.
- Mag-apply pagka- panganak.

### Contact

Division- in-charge sa City Hall  
(Ang pangalan ng division ay naiiba depende sa munisipalidad)

## 3) Mother and Child Handbook (*Boshi Techo*)

- Handbook kung saan itinatala ang estado ng kalusugan ng buntis na ina o estado ng kalusugan at bakuna ng naipanganak na sanggol. Kakailanganin ito bilang reference sa pag-apply ng mga bagay na may kaugnay sa bata. Gagamitin ito ng mga medical institution o administratibo upang maunawaan ang sakit o kalusugan ng bata at makapagbigay ng angkop na suporta at serbisyo.
- Para sa pag-apply ng Mother and Child Handbook, kakailanganin ng driver's license o residence card.

### Contact

Health Center o Medical Institution kung saan nagpacheck-up  
Division- in-charge sa City Hall  
(Ang pangalan ng division ay naiiba depende sa munisipalidad)

## 4) Childbirth at Childcare Lump-sum Payment (*Shussan Ikuji Ichiji-kin*)

- Pera na binabayad ng Health Insurance pagka-panganak. Magbigay ng consent form ng maaga, mula dalawang (2) buwan bago sa estimated date of delivery, para diretsong maibayad ang lump-sum sa ospital kung saan manganak. Ang limit ng lump-sum amount ay nakasaalang-alang sa munisipyo. Kung ang hospital bill ay mas mababa sa lump-sum amount, ibibigay ang sobra sa inyo. Ibibigay ito sa naka-rehistrong bank account ng householder.

### Contact

Sa Ospital kung saan plano manganak  
Division- in-charge sa City Hall  
(Ang pangalan ng division ay naiiba depende sa munisipalidad)

## ● Health Insurance (*Kenko hoken*)

Ang Health Insurance ay isang sistema kung saan maaaring magpacheck-up sa ospital sa pamamagitan ng pagbayad ng 30% health premium. Dito, mayroong 'High-cost Medical Expense Benefit' (*kougaku ryouyouhi*) kung saan nililimita ang babayarang medical bills para sa 1 buwan ng hanggang approx. ¥100,000. Kapag hindi sakop ng health insurance ang medical treatment, ang buong bayad nito ay manggagaling sa sariling bulsa.

Sa mga Union (*kumiai kenpo*), Association (*kyoukai kenpo*) health insurance, atbp., mayroong silang 'Accident and Sickness Benefit' (*shobyō teatekin*) na tinatawag kung saan makatanggap ng humigit-kumulang 60% ng halaga ng sweldo sa kalahating taon para sa matagalang pagpapagamot, atbp. Walang ganitong benepisyo sa National Health Insurance.

## ► Kung nagtatrabaho sa kumpanya

**Ang kumpanya ang maga-apply sa inyong insurance at ang premium ay kakaltasin sa inyong sweldo.**

Ang provider ng health insurance ay maaring "Japan Health Insurance Association/ *Kyoukai Kenpo*" (kadalasan mga small to medium companies) o "Society-Managed Health Insurance/ *Kumiai Kenpo*" (large companies).

Kwalipikasyon: nagtatrabaho ng 20~30 oras bawat linggo.

## ► Kung HINDI nagtatrabaho sa kumpanya

**Ang buong premium para sa National Health Insurance (NHI) ay babayaran mag-isa.**

Hindi makapasok sa health insurance ng kumpanya kung part-time/ arubaito at mas mababa sa 20 oras kada linggo ang oras ng trabaho. Kung ganito ang inyong sitwasyon, kailangan pumunta sa inyong munisipyo at mag-apply ng NHI.

## ● Pension (Nenkin)

Ang pension ay perang makukuha pagkaretiro sa trabaho dahil sa katandaan. Ang Employees' pension ay isang sistema na maaaring pasukan kung nagtatrabaho ng higit sa nakapirming oras. Ang pension premium ay kinakaltas sa sweldo bawat buwan.

Kahit na may sariling negosyo, hindi eligible kung hindi umabot sa nakapirming oras ang trabaho. Kung ganito ang inyong sitwasyon, kailangan pumunta sa inyong munisipyo at mag-apply sa National Pension at bayaran ang buong premium mag-isa. Ngunit mas madaming pera/ pension ang makukuha sa Employees' Pension.

### ► Employees' Pension (Kousei Nenkin)

Sistema para sa mga nagtatrabaho sa isang kumpanya. Kung nakapasok sa sistemang ito, awtomatikong kinakaltasan ng 'Pension' at 'Health Insurance' premium.

Kwalipikasyon: Kailangan nagtatrabaho ng 20~ 30 oras o higit bawat linggo.

### ► National Pension (Kokumin Nenkin)

Ito ay isang basic pension system kung saan kahit sinumang residente sa Japan, edad 20~59 ay maaaring pumasok. Ang consultation counter ay nasa pinakamalapit na Pension Office (Nenkin Jimusho) sa inyong lugar.

## ► Sistema ng Pensiyon



### Pagsali ayon sa paraan ng Pagtatrabaho at Pamumuhay

[Panahong Nagtatrabaho pa]  
Pasaning Bayarin

#### National Pension (Category 1 Insured Person)

(Self-employed • University Students)



mula sa 20  
taong gulang

May sistema ng exemption kapag ang premium ng insurance ay hindi mababayaran.

¥16,260 kada buwan  
(fixed amount) na pasanin

Hanggang 59  
taong gulang ※FY 2016

#### Employees' Pension (Category 2 Insured Person)

(Empleyado • Public Officials)



Mula sa paghahanap  
ng trabaho

Pagpapalit ng trabaho,  
pagbabago sa buhay atbp

18.182% na pasanin sa  
buwanang suweldo  
(responsibilidad ng Kumpanya  
na bayaran ang kalahati)

hanggang sa  
pagraretiro ※Mula FY 2016,  
setyembre

#### National Pension (Category 3 Insured Person)

(Dependent • Asawa ng Insured Person)



mula sa 20  
taong gulang

Walang babayaran  
(pasanin ng Category  
2 ang bayarin)

hanggang 59  
taong gulang

### [Kapag nag retiro] Makakatanggap ng Pensyon



Mga ¥65,000 / buwan  
(Basic Pension)

Mula edad 65  
hanggang kamatayan ※buong halaga  
para sa FY 2016



Mga ¥156,000 / buwan  
(average)  
(Basic Pension + Employees Pension)

Mula edad 65  
hanggang kamatayan ※FY 2016

Employees' Pension  
(proporsiyon ng kita)



Mga ¥65,000 / buwan  
(Basic Pension)

Mula edad 65  
hanggang kamatayan ※buong halaga  
para sa FY 2016

Basic Pension (Fixed amount)

Basic Pension (Fixed amount)

Basic Pension (Fixed amount)



## ● Long- term Care Insurance o Nursing Service

Ang Long- term Care Insurance ay isang sistema kung saan tutulungan makakuha ng angkop na serbisyo ang mga taong nangangailangan ng nursing care. Magsisimulang magbayad ng premium sa buwan na mag- edad 40. Obligado ang lahat na pumasok sa sistemang ito, Hapon o dayuhan man ang nasyonalidad.

### ► Taong makakakuha ng Nursing- care

- Edad 65, pataas na nangangailangan ng nursing care at suporta (dahil mahina na).
- Edad 40~ 60 na insured ng health insurance, naging mahina/ kailangan ng nursing care dahil sa early- stage demen- tia, cerebro- vascular disease, atbp na sanhi ng age- related na sakit o particular na sakit (terminal cancer, atbp.).

### ► Sa pagkuha ng Nursing Service

- 1 Mabibigyan ng “Certification of Needed Support” na tumutukoy sa level ng kinakailangang tulong. Pagpapasyahan ng board kung alin sa 7 Levels of Care/ Support naaangkop at anong serbisyo ang kakailanganin.
- 2 Gagawa ng careplan ang inyong care manager ayon sa level ng nursing care na kinakailangan ninyo.

#### Contact

Division- in-charge sa City Hall o sa Regional Comprehensive Support Center  
(Chiiki Houkatsu Shien Center)

## ● Employment Insurance (*Koyou Hoken*)

Ang employment insurance ay isang sistema kung saan makakakuha ng naka- set na halaga ng pera bawat buwan pagkatanggal sa trabaho. Layunin nitong makatulong sa pangaraw- araw at upang maka- focus sa paghanap ng trabaho. Ang perang nakukuha ay tinatawag na “Basic Allowance/ *Ki- hon Teate*” o “Unemployment Subsidy/ *Shitsugyo Kyufu*”.

Bago magtrabaho, kumpirmahin sa kumpanya kung makapasok sa employment insurance. Dahil depende sa working hours ng trabaho, maaaring hindi makapasok.

### ► Kondisyon upang makakuha ng Unemployment Subsidy

- May total ng 1 taon o higit na nagbabayad ng employment insurance sa loob ng 2 taon bago ang unemployment date.(May eksepsyon)
- Kasalukuyang walang trabaho at may intensyon magtrabaho sa lalong madaling panahon (able to do job- hunting activities).

### ► Proses ng pagkuha

- Pagkatapos mawalan ng trabaho, pumunta at mag- apply sa Hello Work.
- Sa pag- aaply dalhin ang inyong “Employment Insurance Certificate (*Koyohoken Hihokenshasho*)” at/o “Resignation Certificate (*Rishoku Shomeisho*)”. Kunin ito sa pinasukang kumpanya.

#### Contact

Hello Work malapit sa inyong tirahan

## ● Workers’ Accident Compensation Insurance (*Rousai Hoken*)

Ang Workers’ Accident Compensation Insurance ay sistema na nagbibigay seguridad kung ang insured na manggagawa ay nasugatan, nagkasakit, naging baldado o namatay dahil sa aksidente o kalamidad na nangyari habang nagtatrabaho o nagko- commute sa trabaho. Kasama nito, tinutulungan ang in- sured na makabalik sa lipunan pagkatapos matamaan ng kalamidad at tinutulungan din ang naiwang pamilya ng insured.

Pension, Health Insurance, Employment Insurance, Workers’ Compensation ay importan- teng mga sistema na makakatulong sa inyong buhay. Karapatan din ito ng mga kwalipi- kadong manggagawa. Sa paghanap ng trabaho, siyasating maigi ang mga recruitment papers at tignan kung isinasa- isip ng kumpanya ang kapakanan ng kanilang mga trabaha- dor at naghanda ba sila ng mga sistemang ganito. Tanungin at kumpermahin sa kumpanya ang mga ito sa oras ng job interview.

# Impormasyon sa **Trio-phone (Interpreter)**

Para sa mga taong nais tumawag sa munisipyo ngunit walang kumpiyansa sa sarili at sa wikang Hapon

Sa mga munisipyong walang kawani na maaaring tumugon sa dayuhan o wikang dayuhan at kapag nararamdaman na hindi sapat ang kakayahang gawin ang konsultasyon sa wikang Hapon, mangyaring gamitin ang trio-phone interpreter service na handog ng Gifu International Center.

## ● Ano ang Trio-phone

Ito ay sabayang pag-uusap ng tatlong partido, dayuhang consuler (sumansangguni), consultant (kasangguni para sa mga dayuhan o *tsuyaku*) at ang kawani ng administrasyon.

## ● Paraan ng Paggamit

- 1 Mula sa landline o mobile phone, tumawag sa teleponong pang trio-phone.
- 2 Pagsumagot ang consultant o tsuyaku, ihayag ang counter sa prepektura/ munisipyo na nais maka-usap at ang bagay na nais pag-usapan. Magantay sa linya.
- 3 Ikonekta ng consultant o tsuyaku ang telepono sa kawani ng nasabing lugar. Pagkatapos ikonekta, maaari ng sabay na makapag-usap ang tatlong tao sa telepono.

【Eksklusibong numero ng Trio-phone】

**058 - 263 - 8066** (Gifu International Center)

【Sumusunod na Wika】

Portuges, Tagalog, Inggles, Intsik

【Oras ng Pagtanggap】

Lunes ~ Biyernes 9 : 30 ~ 16 : 30





Para sa mga bata at magulang na may  
banyagang pagkakakilanlan o “foreign roots”

# Lifeplan Guidebook

---

Enero 2018

Inilathala ng Gifu International Center

〒500-8875 Gifu-ken Gifu-shi Yanagase-dori 1-12

TEL : 058-214-7700

Patnugot : Resource Center for Multicultural Community Tokai, NPO

※Ang proyektong ito ay isinagawa sa tulong ng subsidized projects ng CLAIR.